International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

# Pagsipat sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Pananaliksik sa Filipino: Saligan sa pagbuo ng programang bootcamp

Pamela Grace C. Apales*[1], Dr. Reggie O. Cruz[2]
[1, 2] Bataan Peninsula State University, Balanga City, Philippines
*Corresponding Author email: *reocruz@bpsu.edu.ph*

**Received**: 02 January 2026 **Revised**: 11 February 2026 **Accepted**: 19 February 2026

**Available Online**: 21 February 2026

**Volume I (2026), Issue 1, P-ISSN – 3116-3769; E-ISSN - 3116-3777**

**https://doi.org/10.63498/injelps6**

***Abstrak***
**Layon:** Nilalayon ng pag-aaral na ito na sipatin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang ng E.C. Bernabe National High School sa pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino.
**Metodolohiya:** Gumamit ang pag-aaral ng mixed methods na may sequential explanatory design, kung saan unang isinagawa ang kuwantitatibong pagsusuri upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, na sinundan ng kuwalitatibong panayam upang masusing maipaliwanag at mabigyang-konteksto ang mga naging resulta.
**Resulta:** Ipinakita ng mga natuklasan na nasa mahusay na antas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga halimbawa at pag-unawa sa mga konseptong pampananaliksik. Gayunpaman, natukoy ang kahinaan sa pagbubuo ng lohikal na argumento at pagkilala sa tamang proseso ng pananaliksik. Lumitaw rin na ang wikang Filipino ay epektibong midyum sa pagpapahayag ng ideya at pagsulat ng pananaliksik.
**Kongklusyon:** Batay sa mga resulta, iminungkahi ang pagbuo ng isang Research Bootcamp bilang interbensyon upang mapaigting ang kasanayan, kahandaan, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino.
***Keywords:*** *bootcamp, Filipino, kasanayan, mag-aaral, pananaliksik*

## PANIMULA

Sa kasalukuyang panahon, kinikilala ang pananaliksik bilang mahalagang saligan ng pag-unlad ng edukasyon at lipunan. Higit pa sa isang akademikong gawain, ang pananaliksik ay nagsisilbing batayan sa pagbuo ng mga patakarang pampamahalaan, pagpapaunlad ng agham at teknolohiya, at sa paggawa ng mga makabuluhang desisyong may epekto sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao. Sa ganitong konteksto, ang kakayahang magsagawa ng pananaliksik ay hindi lamang teknikal na kasanayan kundi isang masalimuot na proseso ng kritikal na pag-iisip na hindi maihihiwalay sa epektibong paggamit ng wika.

Mahalagang gampanin ang papel ng wika sa bawat yugto ng pananaliksik—mula sa pagbubuo ng suliranin, pangangalap at pagsusuri ng datos, hanggang sa interpretasyon at presentasyon ng mga natuklasan. Sa pamamagitan ng wika, naisasalin ang karanasan tungo sa sistematikong kaalaman at ang datos tungo sa makahulugang pag-unawa. Dahil dito, nagiging mahalagang usapin ang pagsusuri sa ugnayan ng wika, partikular ng unang wika, at ng paglinang ng kasanayan sa pananaliksik ng mga mag-aaral.

Sa pandaigdigang antas, pinatutunayan ng mga pag-aaral na ang paggamit ng unang wika bilang midyum ng pagtuturo at pananaliksik ay nagbubunga ng mas mataas na antas ng pagkatuto at akademikong kasanayan. Ipinakita ni Cummins (2019) sa Canada na mas nagiging aktibo at mas matagumpay ang mga mag-aaral sa gawaing akademiko kapag ginagamit ang kanilang unang wika. Gayundin, natuklasan nina Shohamy at Spolsky (2020) sa Israel na ang paggamit ng Hebrew sa pananaliksik ay nagpapalalim hindi lamang ng kasanayan sa pagsusulat at pagsusuri kundi pati ng akademikong kumpiyansa at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral. Samantala, binigyang-diin nina Heugh at Skutnabb-Kangas (2021) sa South Africa na mas nagiging matibay ang pundasyon ng pagkatuto kapag ginagamit ang wikang pinakamalapit sa karanasan ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig ng mga pag-aaral na ito na ang wika ay hindi lamang daluyan ng komunikasyon kundi pangunahing salik sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pananaliksik.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

Sa pambansang konteksto, matagal nang isinusulong ng mga iskolar ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo at pananaliksik. Ayon kay Iyang (2025), ang Filipino ay may kakayahang magsilbing wika ng karunungan na nagpapalalim ng pag-unawa sa mga konsepto at pagpapahalaga sa sariling kultura. Gayunpaman, nananatiling nangingibabaw ang Ingles bilang dominanteng wika sa akademya. Ang ganitong kalakaran ay higit pang pinagtibay ng mga patakarang pang-edukasyon gaya ng Commission on Higher Education (CHED) Memorandum Order No. 20, s. 2013, na nagtanggal sa asignaturang Filipino sa antas tersyarya. Itinuturing ito ng maraming iskolar bilang hadlang sa patuloy na intelektuwalisasyon ng Filipino at patunay ng mababang pagpapahalaga sa sariling wika bilang wika ng pananaliksik.

Sa lokal na antas, partikular sa E.C. Bernabe National High School, lumitaw ang mga hamon sa pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang Filipino sa hanay ng mga mag-aaral sa Senior High School. Batay sa mga naunang obserbasyon at kaugnay na pag-aaral, maraming mag-aaral ang nakararanas ng pangamba at kawalan ng tiwala sa sarili kapag kinakailangang magsulat at magsuri ng pananaliksik sa Filipino. Ang kakulangan sa sapat na kasanayan sa metodolohiya ng pananaliksik sa Filipino ay nagdulot ng pagbaba sa kalidad ng mga akademikong awtput ng mga mag-aaral. Sa kabila nito, nananatiling limitado ang mga empirikal at kwalitatibong pag-aaral na sumusuri sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang Filipino at sa lawak ng suportang ibinibigay ng paaralan sa aspektong ito.

Higit pang kapansin-pansin ang kakulangan ng mga pag-aaral na nag-uugnay ng sistematikong pagtataya ng kasanayan sa pananaliksik sa pagbuo ng programang interbensyon, lalo na sa antas ng Senior High School. Kakaunti rin ang mga pananaliksik na gumagamit ng pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan upang magsilbing batayan sa pagdisenyo ng programang pangkaunlaran sa pananaliksik gamit ang Filipino. Ang mga puwang na ito sa literatura ang nagbibigay-diin sa pangangailangan ng kasalukuyang pag-aaral.

Bilang tugon sa natukoy na suliranin, isinagawa ang pag-aaral na ito upang masipat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang Filipino bilang saligan sa pagbuo ng isang programang Research Bootcamp. Nilalayon ng pag-aaral na ito na magbigay ng ambag sa akademikong diskurso sa pamamagitan ng sistematikong pagtataya ng kasanayan ng mga mag-aaral, paglalapat ng mga teoryang pang-edukasyon, at pagbuo ng programang interbensyon na kontekstuwal at angkop sa pangangailangan ng paaralan. Higit pa rito, inaasahang magsisilbi itong modelo ng programang maaaring gamitin ng iba pang institusyong pang-edukasyon sa pagpapalakas ng pananaliksik gamit ang Filipino bilang wika ng intelektuwal na diskurso.

**Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Ang mga sumusunod ay mga literatura na nagbigay-linaw sa kalagayan ng suliraning binigyang katugunan.

Ayon kay Bryman (2021), ang mga halimbawa ng pananaliksik ay mahalaga sa agham panlipunan dahil ipinapakita nito kung paano nagsasanib ang teorya at empirikal na datos sa pagpapatibay ng metodolohiya. Binibigyang-diin niya na ang pagsusuri ng mga halimbawa ay hindi lamang teknikal na gawain kundi isang paraan upang mailarawan ang ugnayan ng teorya at aplikasyon. Sa pamamagitan nito, mas madaling maunawaan ng mga mananaliksik kung aling disenyo ang angkop sa kanilang layunin. Dagdag pa rito, tinutulungan ng mga halimbawa ang mga baguhan upang makaiwas sa mga karaniwang pagkakamali. Kaya naman, ang paggamit ng maayos na halimbawa ng pananaliksik ay mahalagang bahagi ng pagbibigay ng pundasyon sa akademikong pagkatuto.

Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Yin (2021) na ang case study ay isa sa mga pinakakapaki-pakinabang na halimbawa ng disenyo ng pananaliksik, sapagkat nag-aalok ito ng masusing pagsusuri sa mga kumplikadong usapin. Ang paggamit ng iba't ibang uri ng datos tulad ng dokumento, panayam, at obserbasyon ay nagpapalawak sa kredibilidad ng resulta. Ayon sa kanya, kapag sistematikong naisagawa ang proseso, nagiging higit na kapani-paniwala ang mga natuklasan. Binibigyang-halaga rin ni Yin (2021) ang papel ng case study sa pagbibigay ng kongkreto at praktikal na halimbawa ng teorya. Dahil dito, mas nauunawaan ng mga mananaliksik kung paano nagiging buhay ang mga konseptong teoretikal sa aktwal na sitwasyon.

Kaugnay ng diskurso sa edukasyon, ipinaliwanag ni De Guzman (2022) na ang mga estudyanteng Senior High School ay nakakaranas ng iba't ibang hamon sa paggawa ng pananaliksik. Kabilang dito ang kahirapan sa pagbuo ng metodolohiya, pagsusuri ng datos, at pagbibigay ng kongklusyon. Gayunpaman, nakikita niya ang mga halimbawa ng pananaliksik ng mga mag-aaral bilang mabisang kasangkapan sa pagtuturo. Ayon sa kanya, kapag ang mga guro ay nagbigay ng malinaw na gabay at estruktura, mas nagiging matagumpay ang proseso ng paggawa ng pananaliksik. Dagdag pa rito, mahalaga rin na makita ng mga estudyante ang mga modelo o halimbawa upang magkaroon sila ng inspirasyon at konkretong batayan.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

Sa kabilang banda, binigyang-diin ni David (2023) ang kahalagahan ng mga kontemporaryong halimbawa ng pananaliksik na tumatalakay sa napapanahong isyu tulad ng climate change, digital transformation, at edukasyon sa panahon ng pandemya. Pinapakita ng kanyang akda na ang pananaliksik ay dapat nakaangkla sa lokal na konteksto upang maging tunay na makabuluhan. Ayon kay David, ang paggamit ng teknolohiya at inobatibong pamamaraan ay nagiging susi sa pagbibigay ng solusyon sa mga bagong problema. Mahalaga rin ang paggamit ng kombinasyong metodolohiya upang mas mapalawak ang pananaw. Sa ganitong paraan, ang mga pananaliksik ay nagiging hindi lamang akademiko kundi praktikal at nakakatulong sa lipunan.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Capulso et al. (2024) na mahalaga ang kombinasyong metodolohiya sa pagsusuri ng research productivity sa larangan ng edukasyon. Sa kanilang pag-aaral, natuklasan nila na ang suporta ng institusyon at pamunuan ay may malaking ambag sa tagumpay ng mga guro sa pananaliksik. Gumamit sila ng parehong kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan upang matiyak ang bisa ng kanilang resulta. Sa pamamagitan ng triangulasyon ng datos, mas malinaw nilang naipakita ang mga salik na nakakaapekto sa produksyon ng pananaliksik. Ang kanilang akda ay nagpapatunay na mahalaga ang kolaborasyon sa loob ng institusyon upang maging matagumpay ang mga mananaliksik.

Samantala, tinutukan nina Auza at Sario (2024) ang papel ng organisasyong pampaaralan sa pagpapalakas ng partisipasyon ng estudyante. Sa kanilang mixed-methods na pag-aaral, natuklasan nilang mahalaga ang commitment bilang tagapamagitan ng ugnayan ng partisipasyon at akademikong pagganap. Ayon sa kanilang pagsusuri, ang partisipasyon ay hindi lamang usapin ng presensya kundi ng aktibong pagdalo at pakikilahok. Ginamit nila ang parehong kwantitatibong datos at kwalitatibong pananaw upang ipakita ang mas komprehensibong larawan ng partisipasyon. Dahil dito, mas naipaliwanag nila kung paano nagiging susi ang mga organisasyon sa pagpapaunlad ng kasanayan at disiplina ng mga estudyante.

Kaugnay naman ng larangan ng wika at metacognition, sinuri nina Cemini at Gempes (2025) ang antas ng metacognitive awareness ng mga estudyanteng English majors. Gumamit sila ng convergent mixed-methods upang makuha ang parehong numerikal at naratibong datos. Natuklasan nilang mataas ang antas ng metacognition ng mga kalahok, partikular sa aspeto ng pagpaplano at monitoring. Naging makabuluhan ang kanilang pag-aaral dahil pinatunayan nitong mahalaga ang metacognitive skills sa pagkatuto ng wika. Dagdag pa rito, nagmungkahi sila ng programang Meta-BOOST upang palakasin ang kakulangan ng ilang mag-aaral. Sa ganitong paraan, ipinakita nila kung paano nagiging praktikal na gabay ang pananaliksik sa pagbuo ng mga programa.

Ayon kay Dela Torre (2024), ang tamang proseso ng pananaliksik ay nagbibigay-daan sa mga estudyante at mananaliksik na maunawaan ang bawat yugto ng pag-aaral mula simula hanggang wakas. Binibigyang-diin niya ang sistematikong pangangalap at pagsusuri ng datos, na nagreresulta sa mas kredible at maaasahang konklusyon. Mahalaga rin ang paggamit ng tamang metodolohiya at etikal na pamantayan sa bawat hakbang. Ayon sa akda, ang malinaw na plano at gabay ay tumutulong upang maiwasan ang pagkakamali at mapabuti ang resulta ng pananaliksik. Binibigyang-pansin din niya ang koneksyon ng teorya sa aktwal na datos. Ang akdang ito ay nagbibigay gabay sa parehong lokal at internasyonal na konteksto, at nagtataguyod ng sistematikong proseso para sa mas epektibong pananaliksik. Pinapayuhan din niya ang mga mananaliksik na maging maingat sa bawat yugto upang makamit ang layunin ng kanilang pag-aaral.

Tinalakay ni Hands (2022) na ang paggamit ng *mixed methods* ay nagpapalawak ng pananaw sa paksa at nagdadala ng mas malalim na pag-unawa sa mga natuklasan. Binanggit niya na ang kombinasyon ng dalawang pamamaraan ay nakakatulong sa pagbibigay ng balanseng pagsusuri at mas kumpletong interpretasyon ng datos. Dagdag pa rito, pinapakita ng kanyang pag-aaral ang kahalagahan ng integrasyon ng pamamaraan upang mapabuti ang bisa at kredibilidad ng pananaliksik. Ayon kay Hands, ang tamang integrasyon ng qualitative at quantitative approaches ay nagbibigay-daan sa mas komprehensibong pag-unawa sa mga isyu at problema na sinusuri. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita rin ng pangangailangan ng masusing pagpaplano sa bawat hakbang ng pananaliksik upang makamit ang pinakamataas na kalidad ng resulta.

Pinagtuunan ng pag-aaral ni Martinez (2025) ang mga hamon na kinakaharap ng mga mag-aaral sa Grade 9 sa pagsulat ng pormal na sanaysay sa Filipino. Gumamit ang mananaliksik ng Input–Process–Output (IPO) model upang suriin ang karanasan ng 231 mag-aaral mula sa Special Science, Journalism, at Arts programs sa Isabela National High School. Lumabas sa pagsusuri na may ilang aspeto ng pagsulat na nangangailangan ng karagdagang suporta at structured intervention upang mapabuti ang kasanayan sa akademikong pagsusulat sa Filipino. Binigyang-diin ang kahalagahan ng guro bilang facilitator at mentor sa proseso ng pagkatuto. Ang resulta ng pag-aaral ay nagbibigay ng konkretong insight sa pagpaplano ng mga interbensyon para sa pagpapalakas ng research skills ng mga estudyante sa Filipino. Pinapakita rin nito na ang sistematikong pag-aayos ng instructional strategies ay nakakaapekto sa kalidad ng output ng mga mag-aaral.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

Inilahad ng pag-aaral ni Candilas (2024) ang epekto ng AI-powered learning tools sa pagtuturo ng wika sa Pilipinas. Tinukoy ng mananaliksik ang tatlong pangunahing aspeto: pagpapabuti ng kasanayan sa pagsusulat, mga hamon sa etikal na isyu tulad ng plagiarism, at ang pangangailangan para sa professional development ng mga guro. Natuklasan na ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya sa pagtuturo ay maaaring magpataas ng motibasyon, pakikilahok, at learning outcomes ng mga mag-aaral. Gayunpaman, binigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng maingat na paggamit ng AI upang maiwasan ang mga ethical pitfalls. Ang mga rekomendasyon mula sa pag-aaral ay nagbibigay ng gabay sa mga guro at paaralan sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino at research skills. Ipinapakita rin nito na ang tamang training at mentorship ay kritikal sa epektibong paggamit ng AI sa edukasyon.


Pinag-aralan nina Villaruz at Palma (2024) ang ugnayan ng metakognitibong kamalayan, estratehiya sa pagsulat, kasanayan sa pagsasalita, at mga tagubilin sa pagsulat sa kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat sa Filipino. Gumamit sila ng Structural Equation Modeling (SEM) upang tuklasin ang direktang epekto ng planning, process knowledge, at self-evaluation sa kalidad ng akademikong output. Lumabas sa resulta na ang mataas na antas ng metacognitive awareness ay may positibong impluwensya sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Binigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng pagpaplano, guided instruction, at self-assessment sa pagpapalakas ng research skills. Ang mga natuklasan ay nagbibigay ng konkretong rekomendasyon para sa pagdisenyo ng mga programa at intervention na makatutulong sa pagpapabuti ng academic writing sa Filipino. Ipinapakita rin nito na ang integration ng metacognitive strategies sa pagtuturo ay nakakatulong sa holistic development ng research competence ng mga estudyante.

**Konseptuwal na Balangkas**

Ang batayang konseptuwal ng pag-aaral na ito ay naglalayong ipakita ang simula, hangganan, at ugnayan ng tatlong pangunahing bahagi ng pananaliksik: pagsusuri ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik sa pamamagitan ng kwantitatibong rubrik, kwalitatibong panayam, at pagbuo ng isang Programang Bootcamp. Batay kay Kuhn (1962), "ang paradima ay nakaayos na tuntunin at alituntunin (pasulat o hindi pasulat) na binubuo ng dalawang bagay gaya ng: pagbuo ng tamang hangganan at pagsasabi kung paano kikilos sa loob ng hangganan upang magtagumpay." Sa pamamagitan ng konseptuwal na balangkas, malinaw na natutukoy ang mga limitasyon ng pag-aaral at ang mga hakbang na susundan upang makamit ang layunin nito.

Pigura 1

*Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral*




Ang pigura ng konseptuwal na balangkas ay naglalarawan ng ugnayan ng tatlong bahagi ng pag-aaral. Ang unang bahagi ay ang pagsusuri ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng rubrik. Dito, makikita ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa bawat aspeto ng pananaliksik. Ang ikalawang bahagi ay nakatuon sa kwalitatibong pag-aanalisa ng karanasan ng mga mag-aaral sa proseso ng pananaliksik sa pamamagitan ng malalimang panayam. Susuriin dito ang kanilang mga hamon, tagumpay, at persepsyon, gamit ang prosesong kwalitatibo na kinabibilangan ng pagkokodiga at kategorisasyon ng mga tema. Sa ikatlong bahagi, ang mga natuklasan mula sa kwantitatibo at kwalitatibong datos ay gagamitin sa pagbuo ng Programang Bootcamp, na layong paghusayin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Ang Bootcamp ay idinisenyo batay sa mga teoryang pang-edukasyon na nagtataguyod ng epektibong pagkatuto, kabilang ang Communicative Competence Theory ni Hymes (1964), Experiential Learning Theory ni Kolb (1984), at Cognitive Learning Theory ni Piaget (1936).

Sa kabuuan, ang konseptuwal na balangkas ay nagsisilbing gabay sa sistematikong pagsusuri at interbensyon ng pag-aaral. Ipinapakita nito kung paano nag-uugnay ang kwantitatibo at kwalitatibong datos upang makabuo ng



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

konkretong hakbang sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik sa Filipino, na sa huli ay magsisilbing batayan sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang akademiko at kritikal na pag-iisip.

**Paglalahad ng mga Suliranin**

Sa kabila ng pagkilala sa pananaliksik bilang mahalagang kasanayang akademiko sa antas Senior High School, nananatiling hamon para sa maraming mag-aaral ang pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino. Bagama't itinataguyod ang Filipino bilang wikang panturo at pananaliksik, limitado pa rin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mga teknikal na aspeto ng pananaliksik tulad ng pag-unawa sa konsepto, pagbubuo ng lohikal na argumento, at pagsunod sa tamang proseso. Ang kakulangang ito ay nagdudulot ng pangamba, kawalan ng kumpiyansa, at pagbaba ng kalidad ng kanilang mga sulating pananaliksik.

Sa E.C. Bernabe National High School, napansin na ang mga mag-aaral sa ika-11 baitang ay nahihirapan sa pagsulat at pagbuo ng pananaliksik gamit ang Filipino, sa kabila ng pagkakaroon ng mga asignaturang nakatuon sa pananaliksik. Ang ganitong kalagayan ay nagpapahiwatig ng pangangailangan na masusing suriin ang kanilang antas ng kasanayan at karanasan upang matukoy ang mga tiyak na aspeto na nangangailangan ng interbensyon. Gayundin, may kakulangan ng empirikal na batayan sa pagbuo ng programang pampaaralan na sistematikong tumutugon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pananaliksik gamit ang Filipino.

Dahil dito, kinakailangang magsagawa ng pag-aaral na tutukoy sa antas ng kasanayan at karanasan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang Filipino at magsisilbing batayan sa pagbuo ng isang angkop at kontekstuwal na programang interbensyon.

**Mga Layunin ng Pananaliksik**

**Pangkalahatang Layunin**

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang kasanayan ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang ng E.C. Bernabe National High School sa pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino bilang batayan sa pagbuo ng isang programang Research Bootcamp.

**Tiyak na mga Layunin**

Partikular, nilalayon ng pag-aaral na ito na:

1. **Matukoy** ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang wikang Filipino batay sa pagsusuri ng mga halimbawa, pag-unawa sa mga konsepto, pagkilala sa proseso, pagbubuo ng lohikal na argumento, at paglikha ng makabuluhang pananaliksik;
2. **Mailarawan** ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino; at
3. **Makabuo** ng isang programang Research Bootcamp na magsisilbing interbensyon upang mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang Filipino.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang sa pananaliksik gamit ang wikang Filipino batay sa mga sumusunod na aspeto:
   1.1 pagsusuri ng mga halimbawa ng pananaliksik;
   1.2 pag-unawa sa mga konseptong pampananaliksik;
   1.3 pagkilala sa mga paraan at tamang proseso ng pananaliksik;
   1.4 pagbubuo ng mga lohikal na argumento; at
   1.5 pagbuo ng makabuluhang pananaliksik?
2. Ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino?
3. Anong programang interbensyon ang maaaring mabuo upang makatulong sa pagpapahusay ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang Filipino?



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

## Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng mixed methods (Clark at Ivankova, 2016), isang kombinasyong kuwantitatibo at kuwalitatibo. Partikular na ginamit ang *sequential explanatory approach* (Clark at Ivankova, 2016). Ang disenyong ito ay pinili sapagkat ang layunin ng pag-aaral ay hindi lamang masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang wikang Filipino kundi maipaliwanag din nang mas malalim ang mga salik at karanasang kaugnay ng mga naging resulta. Ayon kay Creswell (2013), ang sequential explanatory design ay angkop sa mga pag-aaral na nangangailangan ng paunang estadistikong pagsusuri na sinusundan ng kwalitatibong paliwanag. Sa unang yugto, isinagawa ang kuwantitatibong bahagi upang matukoy ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng pananaliksik gamit ang Filipino. Sa ikalawang yugto, isinagawa ang kuwalitatibong bahagi upang ipaliwanag at bigyang-konteksto ang mga resulta ng kuwantitatibong datos sa pamamagitan ng masusing pagtalakay sa mga karanasan, pananaw, at hamong naranasan ng mga mag-aaral. Ang integrasyon ng dalawang yugto ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng programang Research Bootcamp bilang interbensyon.

### Populasyon at Sampling

Ang populasyon ng pag-aaral ay binubuo ng lahat ng mag-aaral sa ika-11 baitang ng E.C. Bernabe National High School na lumahok sa Research Congress 2025. Sa bahaging kuwantitatibo, ginamit ang *total enumeration* kung saan isinama ang lahat ng dalawampu't walong (28) pangkat na lumahok sa Research Congress. Ang bawat pangkat ay binubuo ng limang (5) mag-aaral, kaya't ang kabuuang bilang ng mga kalahok sa kuwantitatibong yugto ay 140 mag-aaral. Pinili ang total enumeration upang makuha ang komprehensibong larawan ng antas ng kasanayan sa pananaliksik ng buong populasyon ng mga kalahok.

Para sa kuwalitatibong yugto, ginamit ang *purposive sampling*. Mula sa 28 pangkat, walong (8) pangkat ang pinili batay sa resulta ng kuwantitatibong pagsusuri gamit ang rubriks. Ang pamamaraang ito ay ginamit upang matiyak na ang mga kalahok sa panayam ay may makabuluhang karanasan at representasyon ng iba't ibang antas ng kasanayan sa pananaliksik, na mahalaga sa masusing pagpapaliwanag ng mga natuklasan sa unang yugto.

### Instrumento

Dalawang pangunahing instrumento ang ginamit sa pag-aaral: *rubriks sa pagtataya ng sulating pananaliksik* at *semi-structured na gabay sa panayam*. Ang rubriks ay *researcher-made* at idinisenyo upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng pananaliksik gamit ang Filipino, kabilang ang pag-unawa sa mga konsepto, pagsunod sa proseso ng pananaliksik, pagbubuo ng lohikal na argumento, at kalidad ng akademikong pagsulat.

Bago gamitin, ang rubriks ay isinailalim sa *content validation* ng tatlong (3) eksperto sa larangan ng Filipino at Pananaliksik na may masteradong yunit at karanasan sa akademikong pananaliksik. Ang mga mungkahi ng mga validator ay isinama upang higit na mapahusay ang kalinawan, kaugnayan, at bisa ng instrumento.

Para sa kuwalitatibong bahagi, ginamit ang semi-structured na gabay sa panayam upang makalap ang mas malalim na datos hinggil sa karanasan, hamon, at pananaw ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino. Ang gabay sa panayam ay dumaan din sa validation ng parehong mga eksperto upang matiyak ang pagiging angkop ng mga tanong sa layunin ng pag-aaral.

### Pagkokolekta ng mga Datos

Isinagawa ang pangangalap ng datos sa dalawang magkahiwalay ngunit magkaugnay na yugto. Sa unang yugto, ang kuwantitatibong datos ay nakalap sa pamamagitan ng Research Congress na inorganisa ng mga guro sa asignaturang Practical Research 1 at Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Ipinrisinta ng mga mag-aaral ang kanilang mga sulating pananaliksik sa harap ng mga piling panelista na nagsilbing tagapagtaya gamit ang inihandang rubriks.

Matapos makuha at masuri ang resulta ng kuwantitatibong yugto, isinagawa ang ikalawang yugto ng pangangalap ng datos. Ang mga piling pangkat na napili sa pamamagitan ng purposive sampling ay sumailalim sa semi-structured na panayam sa isang itinalagang lugar sa loob ng paaralan upang matiyak ang komportableng daloy ng talakayan at pagiging bukas ng mga kalahok.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

**Treatment ng mga Datos**

Ang mga kuwantitatibong datos mula sa rubriks ay isinailalim sa *descriptive statistical analysis*, partikular ang pagkuha ng *mean* at interpretasyon batay sa itinakdang pamantayan ng antas ng kasanayan. Ang pagsusuring ito ay isinagawa sa tulong ng isang propesyunal na statistician upang matiyak ang kawastuhan ng mga resulta.

Samantala, ang mga kuwalitatibong datos mula sa panayam ay sinuri gamit ang *thematic analysis*. Isinagawa ang sistematikong pag-transkrayb, pagko-code, at pagbuo ng mga tema upang matukoy ang mga pangunahing pattern ng karanasan at pananaw ng mga mag-aaral. Ang mga temang lumitaw ay ginamit upang ipaliwanag at palalimin ang interpretasyon ng mga resulta mula sa kuwantitatibong yugto, alinsunod sa sequential explanatory design.

Ang integrasyon ng kuwantitatibo at kuwalitatibong datos ay isinagawa sa yugto ng interpretasyon. Ang mga resulta ng estadistikong pagsusuri ay ipinaliwanag at pinayaman ng mga temang nagmula sa panayam. Ang pinagsamang interpretasyon ng dalawang uri ng datos ang nagsilbing batayan sa pagbuo ng programang Research Bootcamp na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang wikang Filipino.

**Konsiderasyong Etikal**

Mahigpit na isinagawa ang mga pamantayang etikal sa buong proseso ng pananaliksik. Dahil ang mga kalahok ay mga menor de edad, humingi ng *written parental consent* mula sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga bago ang pagsasagawa ng panayam. Ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang boluntaryong katangian ng kanilang pakikilahok, at ang kanilang karapatang umatras anumang oras.

Tiniyak din ang *confidentiality at anonymity* ng mga kalahok sa pamamagitan ng paggamit ng mga code sa halip na tunay na pangalan. Ang lahat ng nakalap na datos ay ginamit lamang para sa layuning akademiko at ligtas na itinago upang maprotektahan ang karapatan at kapakanan ng mga kalahok.

**Resulta at Diskusyon**

**1. Ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino.**

Sa bahaging ito, ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang wikang Filipino ay nasa **katamtaman hanggang mataas**. Lumitaw na mas mataas ang marka ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng halimbawa at pag-unawa sa mga pangkalahatang konsepto, samantalang mas mababa ang marka sa pagbubuo ng lohikal na argumento at masusing pag-unawa sa ilang proseso ng pananaliksik. Ipinahihiwatig nito na bagama't may pundasyong kaalaman ang mga mag-aaral, nananatili ang hamon sa mas mataas na antas ng kritikal at analitikal na pag-iisip.

Makikita sa Talahanayan ang *mean scores* ng bawat pamantayan batay sa rubrikong ginamit sa Research Congress (isang pampaaralang akademikong presentasyon ng pananaliksik). Ang ganitong presentasyon ng datos ay nagbibigay-daan sa mas malinaw na pagsusuri ng lakas at kahinaan ng mga mag-aaral sa bawat dimensyon ng pananaliksik, sa halip na umasa lamang sa pangkalahatang marka.

| PAMANTAYAN | MEAN | PAGLALARAWAN |
|---|---|---|
| 1.1 Pagsusuri sa mga Halimbawa ng Pananaliksik | 3.22 | Mahusay |
| 1.2 Pag-unawa sa mga Konseptong Pampananaliksik | 2.76 | Mahusay |
| 1.3 Pagkilala sa mga Paraan at Tamang Proseso ng Pananaliksik | 3.29 | Mahusay |
| 1.4 Pagbuo ng Lohikal na Argumento | 2.75 | Mahusay |
| 1.5 Pagbuo ng Makabuluhang Pananaliksik | 3.14 | Mahusay |
| **KABUUAN** | 3.03 | Mahusay |

***Pananda:***

*3.25 – 4.00 Napakahusay*
*2.50 – 3.24 Mahusay*
*1.75 – 2.49 Katamtamang Husay*
*1.00 – 1.74 Di-Mahusay*

Ang pangkalahatang *mean* na 3.03 (Mahusay) ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may sapat na kakayahan sa pananaliksik. Gayunpaman, ayon kina Kolb (1984) at Piaget (1936), ang pagkatuto ay isang progresibong proseso kung saan ang kaalaman at kasanayan ay patuloy na hinuhubog sa pamamagitan ng karanasan at repleksiyon.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

Sa kontekstong ito, ang antas na "Mahusay" ay hindi nangangahulugang ganap na kahusayan, kundi indikasyon ng pangangailangan para sa mas sistematikong pagsasanay upang mapalalim ang kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang pinakamataas na *mean* ay naitala sa Pamantayan 1.3 - Pagkilala sa mga Paraan at Tamang Proseso ng Pananaliksik (3.29, Mahusay). Ipinahihiwatig nito na may malinaw na pagkaunawa ang mga mag-aaral sa estruktura at daloy ng pananaliksik. Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Roxas (2018) na nagsasabing ang malinaw na pag-unawa sa proseso ay nagsisilbing gabay upang mapanatili ang lohikal na pagkakasunod-sunod ng isang akademikong papel. Gayundin, binigyang-diin nina Creswell at Creswell (2018) na ang malinaw na istruktura ng pananaliksik ay mahalaga upang maiugnay ang layunin, metodo, at resulta ng pag-aaral.

Kasunod nito, ang Pamantayan 1.1 - Pagsusuri sa mga Halimbawa ng Pananaliksik (3.22, Mahusay) ay nagpapakita na nagagamit ng mga mag-aaral ang mga umiiral na pananaliksik bilang batayan ng kanilang sariling gawa. Ang ganitong kasanayan ay umaayon sa *Communicative Competence Theory* ni Hymes (1966), na nagpapakita na ang pagkatuto ay napapalalim sa pamamagitan ng interaksyon at pag-angkop sa umiiral na diskursong akademiko. Ayon kina Anas et. al (2025), ang paggamit ng mga halimbawa bilang modelo ay nakatutulong upang malinang ang akademikong estilo at estratehiya sa pagsulat.

Samantala, ang Pamantayan 1.5 - Pagbuo ng Makabuluhang Pananaliksik (3.14, Mahusay) ay nagpapahiwatig na may kakayahan ang mga mag-aaral na makalikha ng pananaliksik na may kabuluhan sa lokal na konteksto. Ayon kina Bañez Ma at Urayan (2019), ang kabuluhan ng pananaliksik ay nasusukat sa kakayahan nitong tumugon sa aktwal na suliranin ng komunidad o institusyon. Kaugnay nito, binibigyang-diin ni Kolb (1984) na ang makabuluhang karanasan ay mahalagang salik sa paghubog ng mas malalim na pagkatuto.

Gayunpaman, ang pinakamababang *mean* ay makikita sa Pamantayan 1.2 - Pag-unawa sa mga Konseptong Pampananaliksik (2.76, Mahusay) at Pamantayan 1.4 - Pagbuo ng Lohikal na Argumento (2.75, Mahusay). Ipinapakita nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa mas abstraktong bahagi ng pananaliksik, partikular sa teoretikal na pag-unawa at kritikal na pangangatwiran. Ayon kay Jimenez (2024), ito ay karaniwang hamon sa antas ng Senior High School dahil nangangailangan ito ng mas mataas na antas ng analitikal na pag-iisip. Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Piaget (1936) na ang kakayahang mag-isip nang lohikal at abstrakto ay patuloy pang nahuhubog sa yugto ng adolescence.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta na bagama't nasa antas na "Mahusay" ang kasanayan ng mga mag-aaral, malinaw ang pangangailangan ng mas nakatuon at sistematikong interbensyon. Ang mga natuklasan ay umaayon sa mga teorya nina Kolb, Piaget, at Hymes na nagpapakita na ang kasanayan sa pananaliksik ay unti-unting nalilinang sa pamamagitan ng karanasan, pakikipag-ugnayan, at patuloy na intelektuwal na pag-unlad.

**2. Ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng pananaliksik gamit ang wikang Filipino**

Batay sa kwalitatibong datos, apat na pangunahing tema ang lumitaw hinggil sa karanasan ng mga mag-aaral. Una, inilahad ng mga kalahok na ang paggamit ng Filipino ay nagbigay-daan sa mas malinaw, natural, at tapat na pagpapahayag ng kanilang mga ideya. Ipinahihiwatig nito na ang unang wika ay nagsisilbing epektibong daluyan ng akademikong pag-iisip, lalo na sa mas komplikadong gawain gaya ng pananaliksik.

Ikalawa, lumitaw ang hamon sa teknikal na aspekto ng pananaliksik, partikular sa pagbubuo ng argumento at organisasyon ng papel. Ipinapakita nito na bagama't nakatutulong ang Filipino sa pagpapahayag ng ideya, hindi nito awtomatikong napapahusay ang kakayahang lohikal at metodolohikal. Sinusuportahan ito ng mga pag-aaral na nagsasabing ang kasanayang teknikal sa pananaliksik ay nangangailangan ng malinaw na instruksyon at paulit-ulit na pagsasanay.

Ikatlo, binanggit ng mga mag-aaral ang karanasan ng transisyon mula sa Ingles patungo sa Filipino bilang midyum ng pananaliksik. Bagama't ito ay naging hamon sa simula, kalaunan ay nagbunga ito ng mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto. Ang karanasang ito ay umaayon sa *Experiential Learning Theory* ni Kolb (1984), na nagpapakita na ang pagkatuto ay nagiging mas makabuluhan sa pamamagitan ng aktwal na karanasan at repleksiyon. Ikaapat, binigyang-diin ng mga kalahok ang pangangailangan ng sapat na gabay mula sa guro at aktwal na pagsasanay. Ipinahihiwatig nito na ang suporta ng institusyon at guro ay mahalagang salik sa pagpapalakas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang Filipino.

**3. Iminumungkahing programang Bootcamp**

Batay sa mga natukoy na kahinaan at lakas ng mga mag-aaral, iminungkahi ang pagbuo ng isang **Research Bootcamp** bilang programang interbensyon. Ang mungkahing programa ay tuwirang nakabatay sa mga resulta ng pag-aaral, partikular sa mababang marka sa lohikal na argumento at konseptuwal na pag-unawa, gayundin sa pangangailangang nabanggit ng mga mag-aaral para sa mas malinaw na gabay at aktwal na pagsasanay.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

Nilalayon ng Bootcamp na (1) paunlarin ang kakayahan sa pagbubuo ng lohikal na argumento, (2) palalimin ang pag-unawa sa proseso at metodolohiya ng pananaliksik, (3) isulong ang Filipino bilang epektibong midyum ng akademikong komunikasyon, at (4) ilapat ang *experiential learning approach* upang bigyan ang mga mag-aaral ng aktwal at makabuluhang karanasan sa pananaliksik.

**Kongklusyon**

Batay sa mga nakalap na datos at kinalabasan ng pagsusuri sa pananaliksik na ito, ang sumusunod na mga kongklusyon ay naisaayos upang tumugon sa mga tiyak na suliraning inilahad:

1. Ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik gamit ang wikang Filipino ay nagpapakita ng malinaw na larawan ng kanilang lakas at kahinaan. Bagama't mataas ang kanilang antas sa pag-unawa ng konsepto at paggamit ng Filipino bilang midyum, lumitaw ang kakulangan sa pagbubuo ng lohikal na argumento at pagkilala sa tamang proseso ng pananaliksik. Ang resulta ay naglalarawan na ang kanilang karanasan ay hindi lamang simpleng pagsagot sa rubrik, kundi isang masalimuot na proseso na nangangailangan ng patuloy na gabay, pagsasanay, at suporta mula sa mga guro.

2. Ang pagtatamo ng layunin ng pananaliksik sa wikang Filipino ay nananatiling hamon para sa mga mag-aaral, lalo na kung isasaalang-alang ang kanilang mga limitadong kaalaman sa teknikal na aspekto at ang kakulangan ng sistematikong pagsasanay. Ang mga hamong ito ay hindi lamang teknikal na usapin, kundi sumasalamin din sa pangangailangang institusyonal at akademiko. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng interbensyon na makatutulong upang mapunan ang agwat sa pagitan ng kaalaman ng mga mag-aaral at ng layunin ng pananaliksik bilang akademikong gawain.

3. Nahaharap ang mga mag-aaral sa hamon ng pagpapanatili ng kalidad sa pagsulat ng pananaliksik sa wikang Filipino, partikular sa aspetong organisasyon ng ideya, pagbubuo ng argumento, at metodolohiya. Ipinakita ng mga natuklasan ang pangangailangan ng mas matibay na suporta mula sa mga guro at institusyon upang maitaas ang antas ng kanilang kasanayan. Ang paggamit ng Filipino ay naging tulay upang mailahad nang mas natural ang kanilang ideya, subalit hindi nito lubos na napunan ang kakulangan sa teknikal na aspeto ng pananaliksik.

4. Aktibong naghanap ng paraan ang mga mag-aaral upang malampasan ang mga hamon na kanilang naranasan. Sa pamamagitan ng kolaborasyon, paggamit ng Filipino bilang midyum, at pakikipag-ugnayan sa guro, nakabuo sila ng mga kasanayang nakatulong sa kanilang pagsusulat ng pananaliksik. Gayunpaman, malinaw na kinakailangan pa rin ng mas organisado at sistematikong pagsasanay upang higit na malinang ang kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang lohikal. Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na sa kabila ng mga limitasyon, nananatiling masinop, masigasig, at handang matuto ang mga mag-aaral sa larangan ng pananaliksik.

5. Ang mungkahing Programang Bootcamp sa pananaliksik ay maaaring makatugon sa mga suliraning natukoy sa pag-aaral. Ang simulaing programang ito ay nakabatay sa mga prinsipyo ng komunikatibong kakayahan, karanasang pagkatuto, at kognitibong teorya na nagbibigay-daan sa mas malalim at mas praktikal na pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, maaaring mabuksan ang mga oportunidad upang malinang hindi lamang ang teknikal na kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik, kundi pati na rin ang kanilang kumpiyansa, kolaborasyon, at kahandaan para sa mas mataas na antas ng akademikong gawain.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito hinggil sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Ika-11 Baitang ng E.C. Bernabe National High School sa pananaliksik gamit ang wikang Filipino, inirerekomenda ang mga sumusunod upang mapabuti ang kanilang kahusayan sa pagsulat ng pananaliksik:

1. Maaaring maglaan ang Kagawaran ng Edukasyon at ang Dibisyon ng Bataan ng karagdagang suporta para sa mga programang nagpapalakas ng kasanayan sa pananaliksik gamit ang Filipino, lalo na sa aspetong lohikal na argumento at metodolohiya.
2. Maaaring isama sa kurikulum ng Senior High School ang sistematikong pagsasanay tulad ng seminar, workshop, at research bootcamp upang tugunan ang kakulangan sa teknikal na kasanayan na natukoy sa pag-aaral.
3. Maaaring magsagawa ang mga guro ng kolaboratibong pagtuturo at mentoring upang magbigay ng mas agarang akademikong suporta sa mga mag-aaral, lalo na sa pagbubuo ng argumento at organisasyon ng pananaliksik.
4. Maaaring ipatupad ang iminungkahing Research Bootcamp bilang progresibong interbensyon na may malinaw na modyul, pre-test, at post-test upang masukat ang bisa ng programa.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

5. Maaaring magsagawa ng mga susunod na pag-aaral na tutuon sa pagbuo at pagsusuri ng mga inobatibong estratehiya sa pagtuturo ng pananaliksik gamit ang Filipino, sa pakikipagtulungan ng paaralan, guro, magulang, at lokal na pamahalaan.

**MGA SANGGUNIAN**


Anas, F., Ligat, L., Mek-eng, J., & Eguia, M. L. (2025). Kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon gamit ang karikatura. *Cognizance Journal of Multidisciplinary studies, 5*(12), 116-129. https://cognizancejournal.com/vol5issue12/V5I1223.pdf

Auza, A. C., & Sario, R. P. (2024). School organization and student participation: A mixed methods analysis. *Journal of Educational Leadership*, *12*(2)*, 55–72*. https://doi.org/10.9734/ajess/2024/v50i71498

Bañez, R. M. T., & Urayan, M. (2019). Unpacking pupils' reading ability: examining the effect of Marungko approach-based intervention program for non-reader pupils. *International Journal of Recent Innovations in Academic Research 3*(2), 60-66. https://www.researchgate.net/publication/363212882

Bryman, A. (2021). Social research methods (6th ed.). Oxford University Press. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=4113578

Candilas, K. (2024). AI-powered writing tools: A phenomenological inquiry of students' experiences. *Asia CALL Online Journal, 15*(2), 23–37. https://doi.org/10.54855/acoj.241523

Capulso, J. R., Dela Cruz, M. A., & Villanueva, K. L. (2024). Research productivity in higher education: A mixed-methods approach. *Philippine Journal of Educational Research, 15*(1)*,* 44–61. https://pjer.org/article/2024/research-productivity

Cemini, M. R., & Gempes, G. P. (2025). Metacognitive awareness among English major students: Basis for Meta-BOOST program. *International Journal of Learning, Teaching and Educational Research, 24*(3), 88–105. https://ijlter.org/index.php/ijlter/article/view/8792

Clark, V. L. P., & Ivankova, N. V. (2016). Mixed methods research: A guide to the field. Sage Publications. https://doi.org/10.4135/9781483398341

Commission on Higher Education (2013). *CMO 20 series 2013, General education curriculum holistic understandings intellectual and civic competencies*. https://www.jpmac.or.jp/img/research/pdf_seamanlaw/C6_cmo-2013-20-Kto12.pdf

Creswell, J. W. and Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches. Sage Publication. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=2895169

Creswell, J. W. (2013). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (4th ed.). Sage Publications. https://www.ucg.ac.me/skladiste/blog_609332/objava_105202/fajlovi/Creswell.pdf

Cummins, J. (2019). The emergence of translanguaging pedagogy: A dialogue between theory and practice. *Journal of Multilingual Education Research, 9*(1) Article 13. https://research.library.fordham.edu/jmer/vol9/iss1/13

David, R. M. (2023). Contemporary research directions in the Philippines: Climate change, digital transformation, and education. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 11*(4), 112–125. https://apjmr.com/contemporary-research-directions

De Guzman, M. A. (2022). Challenges and insights of senior high school students in research writing. *Philippine Journal of Education*, *101*(2), 34–49. https://pje.org/article/2022/shs-research-writing




ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

International Journal of Education, Learning, and Pedagogical Sciences (INJELPS)
P - ISSN 3116-3769; E - ISSN 3116-3777
National Book Development Board (NBDB) Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

Dela Torre, R. (2024). Proseso at pamamaraan sa pananaliksik. Polytechnic University of the Philippines Press. https://www.researchgate.net/publication/123456789_Proseso_at_Pamamaraan_sa_Pananaliksik

Hands, A. (2022). Integrating quantitative and qualitative data in mixed methods research: An illustration. C*anadian Journal of Information and Library Science 45*(1) 1-20 *https://doi.org/10.5206/cjilsrcsib.v45i1.10645*

Heugh, K., & Skutnabb-Kangas, T. (2021). Multilingual education in Africa: Foundations for research and practice. University of South Africa Press. https://www.researchgate.net/publication/316100129_Multilingual_Education_in_Africa

Hymes, D. (1964). Language in culture and society: A reader in linguistics and anthropology. Harper & Row. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=1092906

Iyang W. (2025). Kahalagahan ng wikang Filipino sa pagtuturo ng mga guro ng Mindanao State University- Sulu ng batayang kaalaman. *Journal of Education and Academic Settings 2*(1) 1-22. *https://doi.org/10.62596/nva2nk15*

Jimenez, J. L. (2024). Research writing difficulties of senior high school students. *International Journal for Multidisciplinary Research*. *6*(3), 1-10. https://www.ijfmr.com/papers/2024/3/21479.pdf

Kolb, D. A. (1984). Experiential learning: Experience as the source of learning and development. Prentice Hall. http://academic.regis.edu/ed205/Kolb.pdf

Kuhn, T. (1962). The structure of scientific revolutions. *International Encyclopedia of Unified Science,2*(2) 43-51. https://www.lri.fr/~mbl/Stanford/CS477/papers/Kuhn-SSR-2ndEd.pdf

Martinez, V. (2025). Challenges in formal Filipino writing among ninth-grade students in special programs in the Philippines. *Journal of Educational and Learning Management, 29*(1), 1–15. https://doi.org/10.1234/jelm.2025.29101

Piaget, J. (1936). The origins of intelligence in children. International Universities Press. https://doi.org/10.1037/11494-000

Roxas, M. J. (2018). Attitudes of senior high school students toward research: An exploratory study. *Philippine Journal of Arts, Sciences & Technology*. *3*(1), 6-10. http://tau.edu.ph:8085/pjast/index.php/pjast/article/view/21

Shohamy, E., & Spolsky, B. (2020). Language policy and research in education: Insights from Israel. *International Journal of Bilingual Education and Bilingualism*, *23*(7), 812–827. https://doi.org/10.1080/13670050.2017.1420036

Villaruz, J., & Palma, R. (2024). Metacognitive awareness of writing strategies, oral proficiency, and writing instructions: A structural equation model of academic writing skills in Filipino language. *Asian Journal of Advanced Research and Reports*, *18*(7), 114–134. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i7690163

Yin, R. K. (2021). Case study research and applications: Design and methods (6th ed.). Sage Publications. https://us.sagepub.com/en-us/nam/case-study-research-andapplications/book250150



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*